Transport for NSW

# Kaligtasan sa daan

## Kaligtasan ng seatbelt sa bus

Kung ang bus ay may nakalagay na mga seatbelt, dapat itong gamitin ng iyong anak. **Ito ang batas**.

Kausapin ang iyong anak tungkol sa kahalagahan ng wastong pagsusuot ng seatbelt sa bus.

Ipaalala sa kanya na dapat niyang wastong isuot ang seatbelt sa anumang sasakyan.

Habang ikaw o ang iba pang may sapat na gulang ay kadalasang tumutulong sa iyong anak na isuot ang seat belt, ipaalala sa kanya na ito ay maaaring hindi posible kapag siya ay sakay ng school bus. Mahalaga na suriin niya na ang kanyang seatbelt ay nakakabit nang matatag. Ang bahagi na para sa kandungan ay dapat na nakalagay nang patag sa kanyang balakang at hindi nakabaluktot.

**Bakit mahalaga ang seatbelt?**

Ang pagsusuot ng seatbelt ay tumutulong na maprotektahan ang iyong anak kung sakaling may banggaan.

Kung may banggaan, ang seatbelt ay:

- helps tumutulong sa katawan na bumagal na kasimbilis ng sasakyan
- ikinakalat ang lakas ng tama sa mas malakas na mga bahagi ng katawan (mga bahagi ng balakang at dibdib)
- binabawasan ang panganib sa mga pasahero na magsalpukan sa isa't-isa o sa loob ng sasakyan
- binabawasan ang panganib sa nagmamaneho o mga pasahero na tumilapon mula sa sasakyan.



Ang pagsusuot ng g seatbelt ay dinodoble ang tsansa na makaligtas mula sa salpukan at binabawasan ang panganib ng pinsala..

Upang maprotektahan ang iyong pamilya, laging siguraduhin na silang lahat ay naka-seatbelt nang tama.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa **safetytown.com.au**




**Ang mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maibabahagi sa iyong anak**

- Click, clack, sa harap at likod
- Palaging ligtas na magsuot ng seat belt

Stock code 45095200 June 2024 © Transport for NSW

NSW GOVERNMENT

Masyadong marami ang nasasawi
sa mga daan ng NSW.
**Ang ating layunin ay zero.**

TOWARDS ZERO